Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/8

Pagsulat ng pangungusap na patanong

Panuto: Magsulat ng pangungusap na patanong na angkop sa bawat sitwasyon.

1. May kumatok sa *gate* ninyo. Lumapit ka sa *gate* at nakita mo na may babaeng hindi mo kilala. Ano ang itatanong mo sa kanya?

---

2. Pumasok ka sa sala at nakita mo na tumitingin sa mga ilalim ng kasangkapan ang kuya mo. Mayamaya napansin mo na tumitingin siya sa loob ng mga kabinet at *drawer*. Ano ang itatanong mo sa kanya?

---

3. Hindi mo naiintidihan ang takdang-aralin mo. Nakita mo ang ate mo na wala naman ginagawang importante. Ano ang itatanong mo sa kanya?

---

4. Unang araw ng pasukan. May napansin ka na bagong mag-aaral na nakaupo sa likod at walang kausap. Ano ang itatanong mo sa kanya?

---

5. Inutusan kang bumili ng isang supot ng pandesal at sabong panlaba sa tindahan. Hindi mo alam kung kulang ang perang dala mo. Ano ang itatanong mo sa tindera?

---

6. Nakita mo na umuwi ang kapatid mo na mas bata sa iyo. Umiiyak siya at napansin mo na may mga sugat siya sa kanyang mga tuhod at kamay. Ano ang itatanong mo sa kanya?

---

7. Nasa kantina ka at may nahanap kang pitaka sa sahig. Napansin mo ang isang pangkat ng mga mag-aaral na nakatayo malapit sa iyo. Ano ang itatanong mo sa kanila?

---

8. Malapit na kayong maghapunan ngunit gutom na gutom ka na. Pumasok ka sa kusina at nakita mong nagluluto pa ang nanay mo. Ano ang itatanong mo sa kanya?